

Karagdagang Impormasyon

Saan dadalhin ang aking mahal sa buhay?

Dadalhin ang iyong mahal sa buhay sa Tanggapan ng Coroner na nasa 255 37th Avenue sa San Mateo.

Pagtukoy sa pagkakakilanlan at pagtingin

Salungat sa karaniwang paniniwala, karaniwang hindi kinakailangang na pumunta sa tanggapan ang pinakamalapit na kamag-anak upang matingnan ang pumanaw. Ang pagbisita ng mahal sa buhay ay maaaring isaayos at isagawa sa iyong piniling funeral home.

May bayarin ba sa mga serbisyong ito?

Ayon sa Gov. Code 27472, awtorisado ang Tanggapan ng Coroner na maningil ng mga bayarin para sa pag-aalis at pag-iimbak ng labi ng pumanaw. Ang iskediyul ng bayarin ay itinatakda ng ordinansa 2.45.020 ng County. Makikipag-ugnayan ang isang kinatawan ng Tanggapan ng Coroner sa (mga) responsableng tao para ipaliwanag ang anumang nauugnay na bayarin sa Tanggapan ng Coroner. *Babayaran ang mga bayarin sa pamamagitan ng funeral home, at hindi nang direkta sa Tanggapan ng Coroner.

Paano ako makakakuha ng kopya ng ulat ng Coroner?

Nangangailangan ng nakasulat na kahilingan para makakuha ng kopya ng ulat ng Coroner. Bisitahin ang aming website sa ibaba at piliin ang "Humiling ng Ulat" sa ilalim ng tab na "Pangkalahatang Impormasyon".

Makipag-ugnayan sa Amin

San Mateo County Coroner's Office
255 37th Avenue, Third Floor, Suite A31
San Mateo, California 94403

Telepono: (650) 312-5562
Fax: (650) 571-6258

Bisitahin ang aming website:
www.smcgov.org/coroner

Mga Resource ng County

Tanggapan ng Public Administrator (844) 868-0938
Nag-iimbestiga ang Public Administrator at puwede nitong pangasiwaan ang mga estate ng mga taong namatay na mayroon o walang habilin o naaangkop na taong handa o may kakayahang kumilos bilang tagapangasiwa. Pareho ang mga tungkulin at gawain ng Public Administrator sa mga Private Administrator.

District Attorney Victim Services (650) 599-7479

Family Health Services (650) 573-2501

Health Department (650) 573-2222

Vital Records (650) 573-2395

Mga Karagdagang Resource

CalVCB Customer Service (800) 777-9229

Pinansyal na tulong para sa krimen na nauugnay sa pagpapalibing

Center for Living with Dying (Bill Wilson Center) (408) 243-0222

CORA (Community Overcoming Relationship Abuse) (650) 652-0800

Crisis Text Line ng Bay Area

I-text ang "HOME" sa 741741 para sa live na pagpapayo para sa krisis

Suporta sa pagluluksa at pang-espirtwal Svcs-Spirit-Care.com (408) 930-7703

HAND (help after neonatal death) (650) 367-6993

HIV/AIDS Warmline (800) 933-3413

KARA (suporta sa pagluluksa) (650) 321-5272

Legal Aid Society ng San Mateo County (650) 558-0915

SIDS Foundation (239) 431-5425

Social Security Administration (800) 772-1213

Mga Serbisyo ng Beterano ng San Mateo County (650) 802-6598

Trauma Scene Waste Management Practitioners
Rehistradong Pamamahala sa Pinangyarihan ng Trauma
Listahan ng Practitioner
www.cdph.ca.gov - tingnan ang Waste Management Program

Tanggapan ng Coroner ng San Mateo County

Ilang kapaki-pakinabang na impormasyon mula sa Coroner ng San Mateo County

Robert J. Foucrault



Ang misyon ng Tanggapan ng Coroner ay maglingkod sa mga residente ng San Mateo County sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga agarang independiyenteng imbestigasyon para matukoy ang sanhi at paraan ng pagkamatay ng mga pumanaw sa ilalim ng hurisdiksyon ng Coroner at para makapagbigay ng de-kalidad na serbisyo sa magalang na paraan nang binabalanse ang mga pangangailangan ng mga residente nang naayon sa legal na pag-aatas ng coroner.

Sa ngalan ng Tanggapan ng Coroner ng San Mateo County, gusto kong ipaabot ang aking pakikiramay sa iyo. Sana ay nakatulong ang pamphlet na ito. Tinitiyak ko sa iyo na tratatuhin ang iyong mahal sa buhay nang may respeto at dignidad habang siya ay nasa Tanggapan ng Coroner. Layunin ng imbestigasyon ng Tanggapan ng Coroner na malaman ang katotohanan. Tumutulong ang walang kinikilingang medicolegal death investigation na suportahan at protektahan ang publiko.

Makakaasa ka sa serbisyo ng aking tanggapan. Kung mayroong anumang iba pang tanong, tumawag sa (650)312-5562.

Taos-puso,
Robert J. Foucrault
Coroner, San Mateo County

Ano ang Susunod na Mangyayari?

Ang Tanggapan ng Coroner ay inaatasan ng Batas ng Estado [Gov. Code 27491] na imbestigahan ang lahat ng marahas, biglaan, hindi karaniwan, o hindi nakatanggap ng medikal na pangangalagang pagkamatay sa County. Ang mga kawani ng Tanggapan na sumailalim sa espesyal na pagsasanay ang nag-iimbestiga ng sanhi at paraan ng pagkamatay.

Forensic na Eksaminasyon

Tagal: ~1-2 araw

Kung mangangailangan ng forensic na eksaminasyon, puwedeng panatilihin ng Coroner ang mga tissue, (mga organ, dugo, at/o likido sa katawan, ayon sa kinakailangan o ipinapayo para sa pagsisiyasat sa kaso, o para sa pag-verify ng mga napag-alaman sa kanya. [Gov Code 27491.4]

Pag-release patungo sa isang funeral home

Tagal: Sa karamihan ng mga kaso, mainam na ipagpalagay na sa ikaapat na araw pagkatapos maiulat ng pagkamatay sa Tanggapan ng Coroner, isang burol ang isasagawa; gayunpaman, pinakamainam na direktang makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Coroner para maunawaan ang timeline para sa pag-release ng iyong mahal sa buhay. Sa ilang kaso, gaya ng mga kasong nauugnay sa mga biktima ng homicide, ire-release lang ang labi kapag nakuha na ang lahat ng kinakailangang ebidensya.

Ayon sa batas, inaatasan ang mga funeral home na mag-quote ng mga serbisyo at gastos sa pamamagitan ng telepono. Mainam na makipag-ugnayan sa ilang funeral home para makapagtanong tungkol sa mga serbisyo at halaga bago magpasya.

Hindi maaaring magrekomenda ng mga partikular na funeral home ang Tanggapan ng Coroner. Kapag nakapili ka na, ipaalam sa funeral home na kasali ang Tanggapan ng Coroner. Pagkatapos, hihilingin sa iyo na lumagda ng release form na nagpapahintulot sa funeral home na kumilos para sa iyo.

Sanhi ng pagkamatay/Sertipiko ng pagkamatay

Inisyal na iniahin na sertipiko ng pagkamatay: sa loob ng 8 araw pagkatapos ng pagkamatay
Paglalabas ng amyenda: ~12 linggo

Sanhi ng pagkamatay/Sertipiko ng pagkamatay (ipinagpapatuloy)

Ang sanhi at paraan ng pagkamatay ay maaaring ilita bilang “nakabinbin ang imbestigasyon” dahil sa karagdagang pagsusuri. Hindi magdudulot ng pagkaantala sa pag-release ng pumanaw patungo sa funeral home ang mga pagsusuring ito. Posibleng abutin ng hanggang 12 linggo o mas mahaba pa para matukoy ang sanhi ng pagkamatay. Makikipag-ugnayan sa pamilya ang aming mga kawani at aamyendahan nila ang sertipiko kapag natapos na ang imbestigasyon. Makukuha ang mga sertipiko ng pagkamatay sa pamamagitan ng funeral home o nang direkta mula sa San Mateo County Vital Records (may mga bayarin).

Pagbawi ng Personal na Ari-arian

Ang personal na ari-arian ng pumanaw ay puwedeng makuha sa Tanggapan ng Coroner na nasa 255 37th Avenue Road sa San Mateo sa regular na oras ng negosyo, Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m., hindi kasama ang mga pederal na holiday. Makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Coroner sa (650)312-5562 para mag-iskedyul ng appointment. Sa appointment, dapat lagdaan ng pinakamalapit na kamag-anak o awtorisadong tao ang mga dokumento sa pag-release para matanggap ang ari-arian. Dapat magpakita ng photo ID na ibinigay ng pamahalaan sa oras ng appointment.

Pagbibigay ng pahintulot sa ibang tao na pangasiwaan ang ari-arian at/o ang pinal na pag-aasikaso sa disposisyon

Ang mga dokumentong ito ay puwedeng sagutan ng legal na pinakamalapit na kamag-anak para payagan ang isa pang indibidwal na kumilos sa kanyang ngalan. Ang dalawang dokumento ay dapat may kopya ng ID na ibinigay ng pamahalaan (gaya ng lisensya sa pagmamaneho o pasaporte) ng legal na pinakamalapit na kamag-anak.

Pag-release ng Baril

Simula Enero 2014, dapat ay rehistrado ang anumang baril, kasama ang mga long gun. Ire-release ng Tanggapan ng Coroner ang isang rehistradong baril sa legal na pinakamalapit na kamag-anak, na humiling ng naaangkop na clearance mula sa Department of Justice.